# Edukasyon sa Pagpapahalaga III

## Yunit I
## Modyul Blg. 4
## Serbisyong Totoo

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Narinig mo na ba ang islogang "*mamamayan muna bago mamaya na*"? Sa palagay mo bakit ito ipinapapaskil ng *Civil Service Commission* sa mga tanggapan ng paamahalaan?

Naranasan mo na bang pumunta sa isang tanggapan ng pamahalaan? Ano ang napansin mo sa mga kawani na nagtatrabaho dito? Ginagawa ba nila ang tunay na pagseserbisyo sa mga mamamayang pumupunta sa kanila, o may pinagkakaabalahan silang iba at hinahayaang maghintay ang mga tao?

Ano kaya ang mararamdaman mo kung paghintayin ka ng matagal o di kaya ay ituro kung kani-kanino para lamang mapapirma ang isang opisyal ng pamahalaan sa iyong papeles?

Sa pagtunghay mo sa mga gawain sa modyul na ito matutuklasan mo ang tunay na layunin kung bakit may pamahalaan at may mga tanggapan ito. Inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 1.7 Nakikilala na ang pamahalaan at lahat ng tanggapan nito ay itinatag upang maglingkod sa mamamayan

A. Natutukoy ang layunin sa pagkakatatag ng pamahalaan at mga tanggapan nito
B. Nasusuri ang sanhi ng hindi kanais-nais na persepsyon ng mamamayan sa mga kawani ng pamahalaan
C. Napahahalagahan ang tunay na diwa ng serbisyo publiko sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanyang kapwa sa lahat ng pagkakataon

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular.

Upang maging lubos ang iyong pag- unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. *A public office is a public trust*. Anong pagpapahalaga ang napapaloob dito?
   a. paggalang
   b. pananagutan
   c. pakikiisa

2. Serbisyo publiko ang tawag sa gawain ng mga kawani ng pamahalaan sapagkat:
   a. ang mamamayan ang kanilang pinaglilingkuran
   b. tumutulong sila sa kaunlaran ng bansa
   c. pinatatakbo nila ang mga ahensya ng pamahalaan

3. Ang ipinasusuweldo sa mga kawani ng pamahalaan ay nanggagaling sa:
   a. kongreso
   b. mamamayan
   c. pangulo

4. Naitatatag ang isang tanggapan ng pamahalaan depende sa:
   a. kagustuhan ng pangulo
   b. pagpapasya ng kongreso
   c. pangangailangan ng mamamayan


5. Ang tanggapan ng pamahalaan na tumatanggap ng mga reklamo laban sa mga kawani ng iba't-ibang tanggapang pampamahalaan ay ang:
    a. *Commission on Human Rights*
    b. *Commission on Cultural Affairs*
    c. *Civil Service Commission*

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Tunghayan mo ang mga sitwasyon na nagaganap sa ilang tanggapan ng pamahalaan.

> Ikawalo ng umaga pa lamang ay pumunta na si Badong sa munisipyo upang pumila at kumuha ng mahalagang dokumento para sa kanyang nalalapit na pagpapakasal. Maraming tao at mahaba ang pila. Nang magbigay ng numero ay pang 187 siya. Nagtiyaga pan rin siya sapagkat kailangang-kailangan niyang makuha ang mga nabanggit na dokumento. Nang siya na ang nasa harapan ng *counter* ay biglang sinabi ng kawani ng munisipyo na:




Sagut 1. A


## Sagutin Mo

1. Ano ang mararamdaman mo kung ikaw si Badong?
2. Kung ikaw ang empleyada, uunahin mo pa ba ang mag-*break time* kaysa asikasuhin ang mga nakapila? Bakit?
3. Ano ang maaari mong gawin upang makapagbigay ng serbisyong totoo sa publiko?

Sitwasyon Blg. 2

Kinakailangan ni Mario na makakuha ng *birth certificate* upang maproseso ang kanyang pasaporte.

Nagpunta siya sa tanggapan ng pamahalaang nakasasaklaw sa gawaing ito. Matapos ibigay ang mga kinakailangang impormayon, binigyan siya ng *slip* na nakasulat na babalik siya matapos ang tatlong araw. Nagtaka siya dahil ang alam niya, batay sa anunsyo ng tanggapang ito, isang araw lamang ang paghihintay at makukuha na kinabukasan.



## Sagutin Mo

1. Ano ang mararamdaman mo kung ikaw si Mario? Bakit?
2. Kung ikaw ang nasa lugar ng empleyado, paano mo pakikiharapan ang ganitong kliyente?

## Gawain Blg.2

Batay sa iyong mga napanood, narinig o batay sa karanasan ng mga taong nakapaligid sa iyo, isulat mo ang iyong persepsyon o pagtingin sa pamahalaan at sa mga kawani nito. Isulat ang iyong sagot sa mga Espasyo sa ibaba.

Para sa akin ang pamahalaan ay______________________________

Ang mga kawani ng pamahalaan ay ______________________________

Mapagbubuti ang paglilingkod sa mga mamamayan kung______________________________

## Gawain Blg. 3

Kung aanyayahan ka ng Pangulo ng bansa upang maging tagapagsalita sa isang *citizens' summit*, ano ang mahahalagang bagay ang ibabahagi mo sa kanila upang higit na mapabuti ng pamahalaan at ng mga tanggapan nito ang pagseserbisyo sa mga mamamayan.

Mapabubuti ng pamahalaan ang pagseserbisyo sa mamamayan kung:

Sagutin Mo

1. Ano ang batayang ginamit mong batayan sa ginawa mong pahayag?
2. Bakit mahalagang malaman ng mga nasa pamahalaan ang uri ng serbisyong kanilang ipinagkakaloob sa mga mamamayan?
3. Saan nag-uugat ang hindi kanais-nais na persepsyon o pagtingin ng mga mamamayan sa pamahalaan at mga kawani nito?

## IV. Ano ang Iyong Natutuhan?

Matapos mong sumailalaim sa iba't-ibang gawain, natitityak kong kahit paano ay may mahahalagang kaisipang naglinaw sa iyo kaugnay ng ating paksang tinatalakay. Isulat mo ang konseptong ito.

Ang pamahalaan at ang lahat ng tanggapan nito ay itinatag upang____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



## V. Pagpapatibay

Ang pamahalaan bilang institusyong panlipunan ay may mahalagang misyon na mangalaga sa kapakanan ng kanyang mamamayan at tiyaking ang kabutihang panlahat ay makakamit.

Sa patuloy na pagdami ng tao na naninirahan sa isang bansa, dumarami rin ang pangangailangan. Dahil dito, kinailangang may isang institusyong mamahala at sisiguruhin na mapananatili ang kaayusan at makakamit ang kabutihang panlahat sa kabila ng pagdami ng tao sa lipunan.

Ito rin ang dahilan kung bakit itinatag ang iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan. Pangunahing gawain nito ang maglingkod sa mga mamamayan.

Sinasabing *a public office is a public trust.* Kapalit ng tiwalang ipinagkakaloob ng mga mamamayan sa mga namumuno at kawani ng pamahalaan ay ang pananagutan naman nilang paglingkuran ang ito nang buong husay at katapatan.

Nakalulungkot lamang isipin na may di iilang namumuno at kawani ng pamahalaan na iba ang pananaw sa kanilang posisyon. Para sa kanila, ang pagkakapwesto sa pamahalaan ay paraan ng pagpapayaman at pagkakamal ng kayamanan. Wala silang pakialam sa paglilingkod sa mga mamamayan.

Marahil, alam mo ang mga iskandalong nilikha ng pagkakabunyag sa mga pangungurakot sa kaban ng bayan. Ang mga ito ang pinag-uugatan ng di kanais-nais na persepsyon o pagtingin ng mga mamamayan sa pamahalaan.

Paano ngayon maiwawasto ang persepsyong ito?

Walang ibang makagagaw nito kundi ang mga nasa pamahalaan din. Mahalagang makita ng mga mamamayan ng hindi lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaan ay tiwali at walang alam sa tunay na paglilingkod-bayan. Dapat isabuhay nila ang tunay na diwa ng serbisyo publiko, sabi nga sa islogan ng isang *network: Serbisyong totoo!*

Magagawa lamang ito kung isasabuhay ang pananagutan, katapatan at kasipagan sa araw-araw na paggawa nila.

# VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Basahin mo ang kuwento at sagutan ang mga katanungan.

*Service Charge*

Isang liham ang dumating sa *post office* na may nakasulat na: Para sa Diyos. Ang empleyadong nakatanggap nito ay hindi malaman kung ano ang gagawin kayat binuksan niya ang liham upang malaman kung kanino galing. Naririto ang nilalaman"

"Mahal kong Diyos,
Ako po si Tommy, anim na taong gulang.
Ulila na po ako sa ama. Ang aking pong ina
ay hirap na hirap upang maitaguyod kaming magkakapatid.
Maaari po bang padalhan ninyo kami ng pera?

Nabagbag ang loob ng empleyado, ipinabasa niya sa mga kapwa kawani ang liham at nakapagpasya silang mangulekta ng pera at ipadala sa bata. Nakalikom rin sila ng tatlong libo at ipinadala ito sa adres na nasa liham.

Makalipas ang dalawang lingo ay nakatanggap silang muli ng liham sa bata. Narito ang nilalaman:

"Mahal kong Diyos,
Natanggap ko po ang tatlong libo na inyong padala, maraming, maraming salamat po. May ipapakiusap lang po sana ako. Kung pwede po sa susunod huwag na ninyong padaanin sa *post office* ang ipadadala ninyo? Kasi po natitiyak ko binawasan na nila iyong padala ninyo"

Tanong:
1. Ano ang ibig ipahiwatig ng kuwento?
2. Paano mo ito iuugnay sa natapos na aralin?

Sa darating na panahon, magtatrabaho ka na rin, at maaaring mapasok ka sa tanggapan ng pamahalaan. Paano mo maipakikita ang tunay na paglilingkod sa mamamayan? Magbigay ng mga tiyak na hakbang na iyong gagawin?

1.
2.
3.
4.
5.

## VII. Gaano Ka Natuto?

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. *A public office is a public trust*. Anong pagpapahalaga ang napapaloob dito?
    d. paggalang
    e. pananagutan
    f. pakikiisa

2. Serbisyo publiko ang tawag sa gawain ng mga kawani ng pamahalaan sapagkat:
    b. ang mamamayan ang kanilang pinaglilingkuran
    b. tumutulong sila sa kaunlaran ng bansa
    c. pinatatakbo nila ang mga ahensya ng pamahalaan

3. Ang ipinasusuweldo sa mga kawani ng pamahalaan ay nanggagaling sa:
    a. kongreso
    b. mamamayan
    c. pangulo

4. Naitatatag ang isang tanggapan ng pamahalaan depende sa:
    a. kagustuhan ng pangulo
    b. pagpapasya ng kongreso
    c. pangangailangan ng mamamayan

5. Ang tanggapan ng pamahalaan na tumatanggap ng mga reklamo laban sa mga kawani ng iba't-ibang tanggapang pampamahalaan ay ang:
    a. *Commission on Human Rights*
    b. *Commission on Cultural Affairs*
    c. *Civil Service Commission*

## VIII. Mga Sanggunian


De Torre, Joseph M. *Roots of Society.* Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

De Torre, Joseph M *Christian Philosophy*. Manila: Vera-Reyes Publishers. 1980

Moga, Michael D. *What makes man truly human.* Makati: St. Pauls. 1995


## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. b
2. a
3. b
4. c
5. c

Gaano Ka Natuto?

1. b
2. a
3. b
4. c
5. c